

“

*ANG WALANG BAYAD
NA KALOOB NG
DIYOS AY BUHAY NA
WALANG HANGGAN
SA PAMAMAGITAN NI
CRISTO JESUS NA
ATING PANGINOON.*



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World

.....
Am I good enough to go to heaven?
Answers from God's Word - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 1 of 8-MLP Cat No 385528

wels.net/mlp



Ganap ba
akong mabuti
upang ako ay
makapasok sa
langit?

Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos

Ganap ba akong mabuti upang ako ay makapasok sa langit?

Oras na ng hapunan. Inihahanda na ni Nanay ang mesa. Nagsisimula na rin siyang maghain ng pagkain. Nang sasandukin na niya ang niluto niyang ulam na nilalang baka, napasigaw siya nang malakas. Hindi niya namalayang naubos pala ang gas ng kanilang kalan. Hindi naluto nang husto ang nilalang baka. "Paano na ang hapunan natin?"

Inaliw siya ni Tatay at ng kanyang mga anak. "Hindi mo naman kasalanan, eh." "Mukha namang naluto kahit paano."

"Puwede na siguro 'yan."

Madalas nating naririnig ang mga katagang "puwede na 'yan". Mababa ang mga "grades" sa pag-aaral. "Puwede na 'yan". May "kaunting" depekto sa ginagawang produkto. "Puwede na 'yan." May kulang pa sa dapat matapos na trabaho sa araw na ito. "Puwede na 'yan. Sapat na ang pagod at hirap ko. Uuwi ako't magpapahinga na."

Paano kung sumapit na tayo sa wakas ng ating buhay dito sa mundo? Masasabi ba nating ganap na tayong mabuti upang tayo ay makapasok sa langit? Sapat na ba ang nagawa nating kabutihan? Masasabi ba natin sa Panginoon, "Puwede na 'yan!"

Aminin man natin o hindi, maraming pagkakataon sa ating buhay na nasisiyahan na tayo sa "puwede na 'yan". Ngunit pagdating sa ating kaugnayan sa Diyos, hindi sapat ang "puwede na 'yan". Ang pamantayan ng Diyos ay ganap at sakdal na kabanalan. Sinabi ni Jesus, "Maging ganap

kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:48).

Kaya, ganap ba tayong mabuti upang tayo ay makapasok sa langit?

Maaaring sa panlabas na batayan ay sasabihin natin, "Oo. Sa palagay ko ay sapat naman ang aking kabutihan upang ako ay makapasok sa langit." Ngunit nakikita ng Diyos ang nilalaman at tunay na kalagayan ng ating mga puso. Ayon sa Diyos, "Ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kanyang pagkabata" (Genesis 8:21). Kahit gaano tayo magsikap upang maging mabait, mabuti, at ganap, bigo pa rin tayong maabot ang pamantayan ng Diyos. "Ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23). Mariin ang pahayag ng Diyos tungkol sa lahat ng tao, "Walang matuwid, wala kahit isa" (Roma 3:10).

Kung magkagayon, ano ang mangyayari sa atin? Wala na ba tayong pag-asang mabuhay nang walang hanggan sa langit kapiling ng Diyos?

Tayo ay banal sa kanyang paningin.

.....

Salamat kay Jesus na ating Tagapagligtas! Mayroon tayong pag-asa sapagkat sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, binayaran ni Jesus ang kaparusahang nauukol sa atin. Dahil dito, tayo ay pinatawad ng Diyos sa lahat nating kasalanan. Dahil kay Jesus, tayo ngayon ay itinuturing ng Diyos na "banal, walang kapintasan at walang dungis" (Colosas 1:22).

Ganap ka bang mabuti upang makapasok sa langit? Hindi, hindi ayon sa iyong sarili, ngunit sa pamamagitan ni Jesus higit ka pa sa mabuti. Ipinahayag ng Diyos na ikaw ay ganap at sakdal! Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus ay tinanggap mo "ang walang bayad na kaloob ng Diyos... buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon" (Roma 6:23).






*ANG DIYOS
AY PAG-IBIG.*



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World



Why does bad stuff happen to me?
Answers from God's Word - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 2 of 8-MLP Cat No 385528
wels.net/mlp



Bakit
nakararanas
ako ng
masamang
bagay?

Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos

Bakit nakararanas ako ng masamang bagay?

May malubhang sakit ang aking ina. Natanggal sa trabaho ang aking ama. Ang kapatid kong babae ay nasa "high school" ngunit siya ngayon ay nagdadalang-tao. Pababa nang pababa ang mga grado sa "school" ng aking kapatid na lalaki. Ang buhay ko ay mabuway. Tila napakaraming mga hindi tamang nangyayari. Bakit nakararanas ako ng masamang bagay?

Marahil hindi ako mahal ng Diyos. Mauunawaan ko kung bakit hindi ako mahal ng Diyos. Marahil ay pinarurusahan niya ako dahil sa kung anuman. Alam ko kung ano marahil iyon. O baka naman labis nang mabigat ang mga pangyayari at hindi na niya ito kayang hawakan. Totoong labis na ngang mabigat ang aking pinagdadaanan at hindi ko na ito kayang pasanin at lagpasan.

May kanya-kanya tayong palagay kung bakit nakararanas tayo ng masamang bagay, ngunit hindi ako sang-ayon sa mga nabanggit na dahilan o paliwanag.

Kung gayon, bakit ako nakararanas ng masamang bagay?

Nakalilito ang sagot sa tanong na ito: "Ang Diyos ay pag-ibig" (1 Juan 4:16).

Ano? Hindi ko maunawaan. Paano maaaring maging ganyan? Paano mangyayaring kabi-kabilang masasamang bagay ang nararanasan ng isang tao kung ang Diyos ay pag-ibig? Kung ang Diyos ay tunay na umiibig o nagmamahal sa atin, bakit hindi na lamang niya alisin ang lahat ng masamang bagay na nangyayari sa atin

at palitan niya ang mga ito nang pawang mabubuting bagay lang? Sana ngunit... hindi gayon.

Kailangan ng mga anak mo ang bakuna laban sa mga sakit. Mahal mo ang mga anak mo. Dinala mo sila sa doktor upang bakunahan. Umiiyak sila dahil nasasaktan sila. "Masama" ba ang bakuna kung gayon?

Kailangan mong operahan. Masakit iyon at mangangailangan ng ilang panahon upang gumaling. "Masama" ba ang operasyon kung gayon?

Maraming nangyayari sa ating buhay na tila "masamang bagay", ngunit sa totoo ay "mabuti" naman talaga. Tila napakaraming masamang bagay ang nangyari noong Biyernes Santo, hindi ba? Pinaratangan si Jesus nang maling paratang na sinusuway niya ang kautusan. Siya'y binugbog, pinahirapan, kinutya, at ipinako sa krus upang mamatay. Walang dudang masama ang nangyari kay Jesus noong araw na

May Kapangyarihan si Jesus na Tulungan Tayo sa Lahat ng Bagay.

.....

iyon, ngunit tinatawag pa rin natin ito, sa wikang Ingles, na "Good" Friday.

Dahil sa masamang bagay na iyan na nangyari noong Biyernes Santo, inalis ni Jesus mula sa atin ang lahat nating kasalanan at lahat nating kasamaan at kanyang sinabi, "Inako ko ang lahat ng mga iyan para sa iyo." Gayon kalaki ang pag-ibig sa atin ni Jesus kung kaya't inako niya ang kaparusahang nauukol sa ating mga makasalanan.

Ngunit bakit may masamang bagay pa rin para sa atin? May plano si Jesus para sa atin, at may pagkakataong nangangahulugan ito ng mga araw ng kahirapan. Ipinangako ni Jesus na siya'y laging kasama ng mga mananampalataya araw-araw, kahit sa mga panahon ng kahirapan. Kung paanong iniligtas niya tayo mula sa ating mga kasalanan, nalalaman din nating siya'y may kapangyarihang tulungan tayo sa lahat ng ating nararanasan. Kahit nangyayari sa atin ang masamang bagay, nagtitiwala tayo sa mga layunin ng Diyos habang lumalago tayo sa ating pag-asa sa hindi nagmamaliw na pag-ibig ng ating Tagapagligtas.



“

*DINGGIN MO, O
YAHWEH, ANG AKING
DALANGIN, TAPAT KA'T
MATUWID, KAYA AKO'Y
DINGGIN.*



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World



Does prayer really work?
Answers from God's Word - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 3 of 8-MLP Cat No 385528
wels.net/mlp



**Mabisa ba
talaga ang
panalangin?**

**Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos**

Mabisa ba talaga ang panalangin?

“Marahil ay hindi ko hinihiling sa Diyos ang mga dapat kong hilingin.”

“Kung magiging mataimtim lang sana ako sa panalangin.”

“Marahil hindi naman talaga ako dinirinig ng Diyos.”

Kung sumagi na sa isip mo ang gayong mga kaisipan, marahil ay naitatanong mo rin, “Mabisa ba talaga ang panalangin?” Marahil ay matagal ka nang nananalangin ngunit tila hindi mo pa nakukuha ang sagot na nais mo, o sa pakiramdam mo ay wala namang anumang pagbabago.

Narito ang magandang balita. Totoong ang panalangin ay may nagagawang kaibahan. Una, hindi nakasalalay sa atin ang panalangin. Madalas ang panalangin ay tila nagiging “tawaran” ng tao sa Diyos. “Gagawin ko ang ganito basta ibigay mo lang ang hinihiling ko.” Kung nakasalalay sa atin ang sagot sa ating mga panalangin, hindi natin kailanman makakamtan ang sagot sa ating mga panalangin. Wala tayong maiaalok sa Diyos na anumang bagay na magiging sapat upang matiyak nating pinakikinggan niya tayo. Higit sa lahat, hindi tayo kailanman magiging ganap na mabuti upang maging karapat-dapat tayo sa pagtugon ng Diyos. Masakit man itong isipin ngunit ito ang katotohanan.

Mabuti na lang at ang ating mga panalangin ay nakasalalay sa Diyos. Ito ang ikalawang dahilan kung bakit totoong ang panalangin ay may nagagawang kaibahan.

Mababasa natin sa Biblia ang munting panalangin ito: “Dinggin mo, O Yahweh, ang aking dalangin, tapat ka’t matuwid, kaya ako’y dinggin” (Awit 143:1). Kinikilala ng taong bumigkas ng panalangin ito na ang kasagutan sa kanyang kahilingan ay nakasalalay sa katapatan ng Diyos.

Ipinakita ng Diyos ang kanyang katapatan nang tuparin niya ang kanyang pangako na isusugo sa atin si Jesus. Dahil sa kanyang pag-ibig sa atin, inialay ni Jesus ang kanyang buhay upang bayaran ang ating mga kasalanang pumutol ng ating kaugnayan sa Diyos. Dahil sa ating mga kasalanan, hindi dinirinig ng Diyos ang ating mga panalangin. Ngunit dahil inihandog ni Jesus ang kanyang buhay para sa atin, binuksan niya ang daan patungo sa Diyos. Hawak nating mga nananampalataya kay Jesus ang kanyang magiliw na pangako na ang ating mga panalangin ay kanyang dinirinig at tinutugon.

Binuksan ni Jesus ang Daan tungo sa Diyos.

.....

Ang tapat na pag-ibig ng Diyos sa atin dahil kay Jesus ang nagbibigay sa atin ng kapanatagan na dinirinig niya ang ating mga panalangin. Ngunit hindi niya palaging ibinibigay sa atin nang sukat na sukat kung ano ang gusto natin. Dahil sa kanyang pag-ibig sa atin, ibinibigay niya sa atin kung ano ang tunay na mabuti para sa atin, kung paanong ibinibigay ng mga magulang kung ano ang makatutulong sa kanilang mga anak. Ang dakilang pag-ibig ng Diyos sa atin ay nangangahulugang lagi niyang tinutugon ang ating mga panalangin sa mga paraang pinakamabuti para sa atin, ayon sa kanyang karunungan at kalooban.

Dahil kay Jesus at dahil lagi niyang isinasaalang-alang ang ating kapakanan, tunay ngang mabisa ang panalangin. Pinatutunayan ito ng Salita ng Diyos.





*KUNG GAANO KALAYO
ANG SILANGAN SA
KANLURAN, GAYON DIN
NIYA INALIS SA ATIN ANG
ATING MGA KASALANAN.*



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World



How can God ever forgive me
for all the bad things I've done?
Answers from God's Word - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 4 of 8-MLP Cat No 385528
wels.net/mlp



Paano ako
mapatatawad
ng Diyos
sa lahat ng
kasamaang
ginawa ko?

Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos

Paano ako mapatatawad ng Diyos sa lahat ng kasamaang ginawa ko?

Nakalimutan ko ang anibersaryo ng kasal namin! Naghintay siya hanggang gabi, hanggang batiin niya ako, “Maligayang anibersaryo, mahal!” Wala akong maidadahilan. Maraming paalala. Sinabi pa nga niya, “Kakain ba tayo sa labas at manonood ng sine sa susunod na linggo sa pagdiriwang natin ng ating anibersaryo?” Minsan nga ay may ipinakita pa siya sa akin sa isang “catalog”: “Magandang regalo ito para sa ating anibersaryo.” Ngunit nakalimutan ko. Nagkamali ako.

Limang taon na ang nakalilipas. Pinatawad niya ako - sa palagay ko. Ngunit nakaririnig pa rin ako ng mga paalala tungkol sa panahong nakalimutan ko ang pinakamahalagang araw sa aming buhay bilang mag-asawa. Hindi ko na uulitin ang pagkakamaling iyon.

May mga pagkakamali tayong nagagawa na nakaaapekto sa ating pinakamalalapit na ugnayan. Tinalikuran ka ba ng isang malapit na kaibigan? Ang iyo bang ugnayan sa iyong mga magulang o mga anak ay may lamat? May nasabi bang mga salita o hindi nasabing mga salita na naging daan upang masira ang isang ugnayan? Sa inyo bang ugnayan ng iyong asawa ay may mga paksang hindi dapat pag-usapan, mga paksang magpapanariwa sa lumang mga sugat? Pinatawad na ninyo ang isa't isa. Ngunit minsan, dahil sa lalim ng sugat na nalikha, hindi pa rin ninyo makalimutan ang mga pangyayaring naganap.

Minsan ay may nagsabi sa akin na sa tuwing nakasakit ako ng damdamin ng ibang tao ay ang Diyos mismo ang aking sinasaktan. Ang aking mga pagkakamali ay hindi lamang nakaaapekto sa aking ugnayan sa iba. Nakaaapekto rin ang mga ito sa aking ugnayan sa Diyos. May pag-asa bang magiging maayos ang aking ugnayan sa Diyos? Kung hindi ko nga natitiyak na mapatatawad ako ng aking mga kaibigan, paano ako makaaasa sa pagpapatawad ng Diyos?

Huwag nating husgahan ang Diyos batay sa pamantayan ng tao! “Ang aking kaisipa’y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan” (Isaias 55:8). Ang kapatawarang nagmumula kay Jesus bunga ng kanyang kamatayan sa krus ay natatangi. Ito ay tiyak at totoo. “Kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran, gayon din niya inalis sa atin ang ating mga kasalanan” (Awit 103:12). “Patatawarin ko

Ang kapatawarang nagmumula kay Jesus ay tiyak at totoo.

.....

silang kasalanan at kalilimutan ko na ang kanilang kasamaan” (Jeremias 31:34).

Hindi kailanman pinahihintulutan ng Diyos ang kasalanan, bagkus ay kinamumuhian niya ito. Ngunit dahil binayaran na ni Jesus nang buong-buo ang kasalanan sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, hindi na tayo hahatulan ng Diyos sa mga kasamaang ginawa natin o sa mga kabutihang hindi natin ginawa. Pinawi na nang lubusan ng dugo ni Jesus ang kaparusahang nauukol sa ating mga kasalanan kung kaya’t nililimot na ng Diyos ang mga ito. Makagagawa tayo nang higit na kabutihan bunga nito.

Sa tuwing binabagabag ka ng iyong mga kasalanan, alalahanin mo si Jesus at lumapit ka sa kanya. Makatitiyak kang sa pamamagitan niya tunay ngang pinatawad at nililimot ng Diyos ang lahat mong kasalanan.






*SAPAGKAT BUHÁY AKO,
MABUBUHAY RIN KAYO.*



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World



What's so important about Jesus' dying
and rising from the dead?

Answers from God's Word - Tagalog

Copyright © 2020 - WELS - BWM

Tract 5 of 8-MLP Cat No 385528

wels.net/mlp



**Bakit mahalaga
na si Jesus
ay namatay
at muling
nabuhay?**

**Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos**

Bakit mahalaga na si Jesus ay namatay at muling nabuhay?

May nakilala akong isang lalaki. Kapwa kami pasahero ng isang eroplano. May mga sinabi siyang ikinagulat ko. "Ayokong mamatay. Gusto kong mabuhay." Nabanggit niya ang mga salitang iyan nang makaranas kami ng malalakas na pagkulong at pagkidlat habang nasa himpapawid kami. Bago ito, ang aming eroplano ay nawalan ng kuryente at nagsimulang lumipad nang pababa tungo sa direksyon ng malawak na karagatan. Laking pasasalamat namin na muling bumalik ang kuryente sa aming eroplano pagkaraan lamang ng ilang nakababahalang mga segundo. Agad umangat pataas ang aming eroplano sa taas na nararapat nitong liparin.

"Takot akong mamatay," sabi niya, "dahil wala akong alam tungkol sa kamatayan. Ang alam ko lang ay mabuhay."

Madaling mamili sa pagitan ng isang bagay na wala kang anumang alam at sa isang bagay na marami ka nang alam. Halos lahat ay higit na panatag sa kung ano ang alam na. Kaya ang lalaking nakilala ko ay hindi ang unang tao na nagsabi nang gayon. Tiyak na hindi rin siya ang huli. Sino ba ang mapapanatag sa kamatayan kaysa buhay gayong ang alam lang natin ay ang tungkol sa buhay at hindi ang tungkol sa kamatayan?

Hindi pa rin nararanasan ni Jesus ang kamatayan. Ngunit nang siya ay nakapako sa krus, alam niyang nalalapit na ang kanyang kamatayan. Ang totoo, sinabi niya

sa kanyang mga alagad na ito ang dahilan kung bakit siya naparito.

Pinili ni Jesus ang kamatayan. Bakit? Ginawa niya ito dahil ikaw ang kanyang iniisip. Pinili ni Jesus ang kamatayan upang bayaran ang iyong mga kasalanan at upang patunayan sa iyo na hindi na dapat pang matakot sa kamatayan ang sinumang nagtitiwala sa kanya.

Bago ang aming biyahe sa eroplano, kung tiniyak ng piloto sa aming mga pasahero na ligtas kaming makalalapag, na marami nang mga bagyo sa himpapawid siyang naranasan at ligtas na nalampasan ang mga ito, at ang mga sistema sa aming eroplano ay sapat upang hindi kami mapahamak ng kahit anong pagkawala ng kuryente, higit sana kaming magiging panatag sa kabila ng bagyo.

Higit na dakilang kapanatagan ang ipinagkakaloob ni Jesus: Hindi mo na

Walang dahilan ang mga nananampalataya kay Jesus upang matakot sa kamatayan.

.....

kailangang katakutan ang kamatayan. At pinatunayan niya ito nang siya ay muling mabuhay - pagkatapos na siya ay mamatay. Inilagag sa isang libingan ang patay na katawan ni Jesus, ngunit siya'y muling nabuhay pagkaraan ng tatlong araw.

Kung ikaw ay nagtitiwala kay Jesus, inaalis niya sa iyo ang takot sa kamatayan. Binibigyan ka ng kapanatagan ni Jesus na ang iyong libingan ay magiging walang laman din, gaya ng sa kanya. Sinasabi niya sa lahat ng kanyang mga alagad, "Sapagkat buhay ako, mabubuhay rin kayo" (Juan 14:19).

Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ay mahalaga sapagkat ang mga ito ang nagbibigay ng katiyakan sa ating mga nananampalataya sa kanya na tayo rin ay babangon mula sa kamatayan at mabubuhay magpakailanman!





ANG LAHAT NG
KASULATAN AY
KINASIHAN NG
DIYOS.



Multi-Language
Productions

Bringing the Word to the World



How can I know the Bible is true?
Answers from God's Word - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 6 of 8-MLP Cat No 385528

wels.net/mlp



Paano ko
matitiyak na
ang Biblia
ay totoo?

Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos

Paano ko matitiyak na ang Biblia ay totoo?

Masakit ba ang ulo mo? Kumuha ka ng dalawang linta, at tawagan mo ako sa umaga.

Ano? Kung magbabasa ka ng isang aklat mula sa nakalipas na siglo tungkol sa mga lunas sa sakit, maaaring iyan ang mababasa mo. Ngayon ang ipapayo sa iyo ng isang aklat sa medisina ay uminom ka ng gamot sa sakit ng ulo. Sa hinaharap ... lasers? magnetismo? isang lunas na "ido-download" mula sa "computer"? Sino'ng makapagsasabi kung ano'ng mga pagsulong o pagkatuklas ang makapagpapabago kung paanong ang isang simpleng sakit sa ulo ay lulunasan? Nakamamangha kung paanong napakalaki nang ipinagbago ng medisina kahit sa nakalipas lang na mga daang taon.

Napakarami nang pagbabago! Ngunit ang sakit sa ulo ay sakit sa ulo. Nagbago man ang lunas, ngunit ang problema ay nananatili pa rin. Paano kaya ang iba pang mga problema?

Mayroon tayong napakalaking problema - at hindi ito isang simpleng sakit sa ulo. Ang problema natin ay ang kasalanang tinataglay natin. Ang problemang iyan ay humahantong sa kamatayan ng sinumang nagtataglay nito. Iyon ay tayong lahat. Anong gamot ang makapagbibigay sa atin ng tiyak na kagalingan?

Ang Diyos ang nagkaloob ng lunas para sa lahat ng tao sa lahat ng panahon. Ibinigay niya ang sagot sa kanyang aklat - ang Biblia. Ang Bibliang Kristiyano

ay naglalaman ng 66 na mga aklat na isinulat ng 40 na mga manunulat sa loob ng 1,500 na taon. Ngunit ang mensahe ay nananatiling iisa at hindi nagbabago: Isinugo ng Diyos si Jesus, isang Tagapagligtas na lubos na banal at matuwid, upang bayaran ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. Tinataglay ng mga nananampalataya kay Jesus ang kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at ang pangakong buhay na walang hanggan sa langit. Ang payak na mensaheng iyan ng kaligtasan ay paulit-ulit na ipinahahayag sa kabuuan ng Biblia, mula sa mga isinulat ni Moises sa aklat ng Genesis hanggang sa mga isinulat ni Juan sa aklat ng Pahayag. Nakamamangha kung paanong ang iba't ibang mga manunulat sa iba't ibang mga panahon ay nagtala ng iisang mensahe lamang!

Maaaring hindi naman talaga iyon kamangha-mangha. "Ang pahayag ng mga propeta ay hindi nagmula sa kalooban

*Tiniyak ng Diyos na
makikila natin
si Jesus.*

.....

lamang ng tao; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (2 Pedro 1:21). Ang Diyos na nagsugo ng kanyang Anak upang mag-alay ng kanyang buhay para sa atin dahil sa kanyang walang kapantay na pag-ibig sa atin ay siya ring kumilos upang matiyak na makikilala natin si Jesus. Dahil ang Diyos ang nag-udyok sa mga taong hinirang niya upang itala ang kanyang mga Salita, ang Biblia ay hindi katulad ng anumang aklat. Sinasabi sa atin na "ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos" (2 Timoteo 3:16). Ang Diyos mismo ang nangusap sa pamamagitan ng mga manunulat kung kaya't ang kanilang mga isinulat ay tunay ngang Salita ng Diyos. Dahil ang Biblia ay Salita ng Diyos, maaasahan nating ito ay totoo. Mahalaga ang katotohanang ito, sapagkat ang Biblia ay " isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa pagsampalatayang iyon ay magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya" (Juan 20:31).





*BINIBIGYAN KO SILA
NG BUHAY NA WALANG
HANGGAN.*



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World



What is eternal life?

Answers from God's Word - Tagalog

Copyright © 2020 - WELS - BWM

Tract 7 of 8-MLP Cat No 385528

wels.net/mlp



Ano ang
buhay na
walang
hanggan?

Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos

Ano ang buhay na walang hanggan?

Isang kaarawan. Isang anibersaryo. Isang bagong taon. Lagi nating ipinagdiriwang ang mga ito. Ngunit sa isang banda, ang ganitong mga pagdiriwang ay nagpapaalalarin sa atin na lumilipas ang panahon.

Ang mga kaarawan, anibersaryo, at pagdiriwang ng mga bagong taon ay nagbibigay sa atin ng mga pagkakataon upang siyasatin ang mga lumipas na kaganapan. Naaalala natin ang masasakit na karanasan, mga bagay na pinagsisisihan, mga kagalakan, mga hindi inaasahan, mga pagsilang, at mga kamatayan. Tinatanaw din natin ang kinabukasan at ating pinag-iisipan kung ano ang nais nating gawing kakaiba sa mga araw na darating.

Ngunit sa lahat ng ating mga pagpapalano, hindi mabubura ang katotohanang ang buhay sa mundong ito ay may katapusan. Ang ating oras ay lumilipas. Ito ay may hangganan. Pakaisipin natin itong mabuti. Ang lahat ng bagay sa mundong ito ay may katapusan.

Ipinahahayag sa atin ng Biblia ang isang bagay na walang katapusan at walang hangganan. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan" (Juan 10:28). Dahil limitado ang ating kaalaman at karanasan tungkol sa buhay sa mundong ito, marahil iniisip natin kung ano ang buhay na walang hanggan.

Sinasabi sa atin ng Diyos kung ano ang inihanda niya para sa lahat ng pagkakalooban niya ng buhay na

walang hanggan. Ang mga kaguluhan, panghihinayang, at pighati na ating nararanasan sa buhay na ito ay maglalahona. Ipinangangako niyang ang buhay na walang hanggan ay bago at kakaiba: "At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, dalamhati, pagtangis, at paghihirap sapagkat lumipas na ang dating mga bagay" (Pahayag 21:4).

Hindi ba ito ay kahanga-hanga? Paano natin makakamtam ang gayong buhay? Ang Diyos mismo ang nagbukas ng pinto upang tayo ay makapasok sa buhay na iyon. Isang dakilang bagay ang kanyang ginawa. Isinugo niya sa sanlibutan ang isang Tagapagligtas, si Jesu-Cristo, ang banal na Anak ng Diyos. Sa isang hindi mapapantayang pagpapakita ng pag-ibig, inako ni Jesus ang kaparusahang nauukol sa atin. Inialay niya ang kanyang buhay doon sa krus upang danasin ang kamatayang karapat-dapat nating pagdusahan.

*Sa pamamagitan ni Jesus,
ipinagkakaloob ng Diyos
ang buhay na walang
hangan.*

.....

Sa pamamagitan ni Jesus, pinatawad ng Diyos ang kasalanan ng lahat ng tao, kasalangan nagsilbing pader na naghihiwalay sa pagitan niya at ng mga tao, at pinagkalooban niya sila ng buhay na walang hanggan. Ang lahat ng nakikinig sa tinig ni Jesus at nagtitiwala sa Diyos na nagsugo sa kanya ay may buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa tunay na Diyos na nagkaloob ng kaligtasan, sila'y humakbang mula sa kamatayan patungo sa buhay. Sinasabi ni Jesus, "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).

Dahil kay Jesus, ang bawat taon ng ating buhay dito sa mundo ay may kabuluhan at tiyak na patutunguhan! Taglay natin ang katiyakang anuman ang mangyari sa mga araw na darating o kung anuman ang naroroon sa hinaharap, ang ating mga buhay na nakaugnay sa Diyos ay ligtas magpakailanman sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Jesus.



“

*GUMISING KA, IKAW
NA NATUTULOG,
BUMANGON KA MULA
SA LIBINGAN,
AT LILIWANAGAN KA
NI CRISTO.*



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World

Why should I get up in the morning
and live life?

Answers from God's Word - Tagalog

Copyright © 2020 - WELS - BWM

Tract 8 of 8-MLP Cat No 385528

wels.net/mlp



**Bakit ako
gigising at
babangon
sa umaga at
magpapatuloy
na mabuhay?**

**Mga Kasagutan mula
sa Salita ng Diyos**

Bakit ako giginging at babangon sa umaga at magpapatuloy na mabuhay?

Inaasam kong maging isang “morning person”. Alam mo, ‘yung taong pasipol-sipol lang habang naliligo, kumakanta habang nagbibihis, at masaya habang sinusuklay ang kanyang buhok. Kaya lang, hindi ako ang gayong uri ng tao. Sa tuwing tutunog ang “alarm clock” ko sa umaga, sa halip na bumangon agad ay pipindutin ko palagi ang “snooze button”. Kaya tuloy lagi akong nagmamadali sa umaga para hindi ako mahuli sa aking mga gawain at lakad.

May isang uri rin ng “alarm clock” na tumutunog sa iba’t ibang sitwasyong aking hinaharap. Tuwing nagsasalita ako nang hindi maganda laban sa aking kapwa, naririnig ko ito. Sa tuwing nagsasalita ako nang malalaswang salita, naririnig ko ito. Sa tuwing nagiging sakim ako at maramot o sa tuwing nilalamangan ko ang iba, naririnig ko ito. Ang “alarm clock” na ito ay ang aking konsensiya o budhi. Ang tukso ay naririyang upang aking pindutin ang “snooze button” ng aking konsensiya at huwag pansinin ang pagtawag nito. Ngunit ang aking konsensiya ay nakaugnay sa mga kautusan ng Diyos, at ang pagpindot sa “snooze button” ng mga kautusan ng Diyos na nagpapahayag ng kanyang banal na kalooban ay higit na malala kaysa mahuli sa aking mga gawain at lakad. Kung hindi natin pakikilingan ang mga kautusan ng Diyos, tayo ay nahaharap sa isang masaklap na pagkakilala. Sinasabi ng Biblia, “Ang Diyos ay napopoot sa mga suwail” (Efeso 5:6). Kahit anong gawin nating pagtatakip

sa ating mga kasalanan at pagtatago sa mantel ng pagtanggap, hindi natin matatakas ang tinig ng katarungan ng Diyos. Kahit ang inaakala nating mabuti na ginawa natin ay hindi makatutulong upang atin itong maiwasan.

Ang babala ng Diyos ay ipinaririnig niya sa ating lahat. Ito ay bahagi ng pagtawag ng Diyos upang tayo ay gisingin: “Gumising ka, ikaw na natutulog, bumangon ka mula sa libingan, at liliwanagan ka ni Cristo” (Efeso 5:14).

Gaya ng sikat ng araw sa buwang-liwayway, si Jesus ang sagot sa hatol ng Diyos at sa ating kasalanan. Siya’y naparito upang pawiin ang kadilimang hatid ng kasalanan at kamatayan sa ating mga buhay. Inako niya ang ating kalagayan sa ilalim ng katarungan ng Diyos at ang kamatayang nauukol sa atin bunga ng ating kasalanan. Nagniningning sa liwanag ng kanyang lubos na kapatawaran ang kanyang krus. At higit pa riyang. Siya’y muling nabuhay.

Sumisinag sa atin ang liwanag ni Jesus.

.....

Ang liwanag na mula sa kanyang libingang walang laman ay pumapawi sa madidilim na araw ng ating kawalan ng pag-asa at labis na kalungkutan. Ang liwanag ni Cristo ay sumisinag sa atin upang gisingin tayo sa ating pagkakahimlay sa kasalanan at sa kadiliman ng kamatayan.

Kailangan kong pagsikapang iwasan na pindutin ang “snooze button”. Ngunit ang liwanag ni Cristo ang nagbibigay sa akin ng pag-asa at sigla sa aking pagod na buhay. Mula sa kanyang liwanag na sumisinag mula sa krus at sa libingang walang laman, gumigising ako at bumabangon sa umaga na taglay ang katiyakan ng kanyang kapatawaran at buhay na walang hanggan, “laging nagpapapasalamat sa lahat ng mga bagay sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, sa Diyos na ating Ama” (Efeso 5:20, ABTAG2001).

